
| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdResources.com for More | Grade Level: | VI |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | OCTOBER 28 - 31, 2024 (WEEK 5) | Quarter: | 2ND QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan<br>Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin<br>Naisasagawa ang mapanuring pagbasa sa iba't ibang uri ng teksto at napalalawak ang talasalitaan<br>Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto<br>Napauunlad ang kasanayan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng sulatin<br>Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring panood ng iba't ibang uri ng media<br>Naipamamalas ang pagpapahalaga at kasanayan sa paggamit ng wika sa komunikasyon at pagbasa ng iba't ibang uri ng panitikan | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng isahang pagsasadula tungkol sa isang isyu o paksang napakinggan.<br>Naiuulat ang isang isyu o paksang napakinggan.<br>Nakagagawa ng character profile batay sa kuwento o tekstong binasa.<br>Nakagagawa ng graph o dayagram upang ipakita ang nakalap na impormasyon o datos.<br>Naisasakilos ang isang paksa o isyung napanood.<br>Napapahalagan ang wika at panitikan sa pamamagitan ng pagsali sa usapan at talakayan, paghiram sa aklatan, pagkukuwento, pagsulat ng tula at kuwento. | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto. Isulat and code ng bawat kasanayan** | Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula.<br>**F6PN-IIa-g-3.1** | Nasasalaysay muli ang napakinggang teksto gamit ang mga pangungusap.<br>F6PS-IIe-6.1 | Nagagamit nang wasto ang pang-uri sa paglalarawan sa iba't ibang sitwasyon.<br>F6OL-IIa-e-4 | Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at di kilalang salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinag-gamitan.<br>F6V-IIe-h-1.8 | Napagsusunud-sunod ang mga pangyayari sa kwento sa pamamagitan ng pamatnubay na tanong.<br>F6RC-IIe-5.2 |
| **II. NILALAMAN** | Pagsagot sa mga tanong sa napakinggang pabula | Pagsasalaysay muli ng napakinggang teksto | Pang-uri Panlarawan | Pagbibigay ng kahulugan ng pamilyar at di kilalang salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinag-gamitan | Pagsusunud-sunod ng mga Pangyayari sa Kwentong Binasa |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga pahina ng Gabay ng Guro** | | | | | |
| **2. Mga pahina ng Kagamitang Pang-Mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resources (LR)** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **B. Iba pang kagamitang panturo** | | | | | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin** | Ipakita ang larawan<br>Ano ang masasabi mo sa larawan?<br>Ano kaya ang kanilang ginagawa? | Pagwawasto ng takdang aralin<br>Ano ang buod? Magbigay ng mga bagay na dapat tandaan sa pagsulat sa buod ng napanood na palabas | Balik-aralan ang anyo ng pang-uri sa pangungusap. | Bakit nailuklok sa pagiging pangulo si Atty. Rodrigo “Rody” Duterte?<br><br>Ano naman ang kahulugan ng salitang pangulo? Ano naman ang kahulugan ng salitang nailuklok? | Pagwawasto ng takdang-aralin |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | Bakit kaya sila nagpupulong – pulong?<br>Ano kaya ang kanilang pinag-uusapan? | Ninais mo bang maging isang manunulat baling araw? | Panuto: Anong mga magagandang tanawin ang makikita sa inyong pamayanan?<br>Ilarawan ang mga ito. Sumulat ng pangungusap na naglalarawan sa mga magagandang tanawin sa inyong lugar o pamayanan. | Ipakita ang dalawang larawan. (Larawan ng pangulo na siyang pinuno ng bansa at ang larawan ng leon ng siya naming hari ng kagubatan.)<br>Itanong: Ano ang maibibigay ninyong pananaw sa mga larawang ito? Anong katangian ang mayroong pagkakatulad ng dalawa?<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more | Gamitin muli ang video ng tatlong bibe.<br>Itanong: Sino ang lider sa tatlong bibe?<br>Bilang isang lider, sa anong mga gawain siya nanguna?(pagsabi ng kwak,kwak, kumendenkendeng) Palawakin pa ang usapan tungkol sa mga tungkulin ng isang lider.<br>Ipagawa ang mag pagsasanay sa Tuklasin Mo |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | Bilugan ang kahulugan ng salita at gamitin sa pangungusap.<br>susuway – ( susunod , lalabag )<br>pumanig – ( kumampi , di – sumama )<br>maluwag sa dibdib – ( galit , tinatanggap )<br>mapipinsala – (maililigtas , madidisgrasya )<br>isinumbong – ( sinabi , inilihim )<br><br>-Pagbasa ng Guro ng kwento Hiyas sa Pagbasa 6. | Pagbasa ng guro ng isang maikling sanaysay.<br>Si Marcelo H. del Pilar ay tinaguriang Dakilang Propagandista. Isa siyang abogado na kilala sa pagsulat ng mga artikulo laban sa pang-aabuso ng mga paring Espanyol. Ipinagpatuloy niya ang gawaing ito sa Espanya kung saan naging patnugot at tagapaglathala siya ng La Solidaridad. Sa kakulangan ng pera at pangungulila sa pamilya, nagkasakit siya at namatay sa Espanya. | Basahin mabuti ang alamat ng bundok ng Tsokolate. Sagutin ang mga tanong kaugnay sa alamat na babasahin.<br>**Alamat ng Bundok ng Tsokolate**<br><br>Ang mga bundok ng mga tsokolate ay matatagpuan sa pulo ng Bohol sa Kabisayaan. Ito ay isa sa mga magagandang tanawin na dinarayo ng mga banyangang pumupunta sa ating bansa. | Gawin Natin<br>Ipabasa sa mga bata ang mga pangungusap at bigyang pansin ang mga salitang may salungguhit.<br>Si lolo ang pupunta sa himpilan ng radio upang magapanawana.<br>Ang payong ay natingay ng malakas na hangin.<br>Si Lorna ay matad sa mga gawaing bahay.<br>Ang palka ng taong ito, hindi na nahiya. |  <br> <br> |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Basahin natin kung paano at kung saan nagmula ang mga bundok na ito.<br>Noong unang panahon sa pulo ng Bohol, ang lupa ay tigang. Namimitak ang bukirin kapag tag-init. Kung tag-ulan nama`y putikan ito. Sa tagsibol lamang lumalamig sa paningin mula sa mga tanim na palay ng mga luntian dahon nito.<br>Ayon sa mga ninuno natin, sa magkabilang ibayo ng pulo ay may nakatirang higante. Ang isa ay taga timog at ang isa ay taga hilaga. Sa di inaasahang pagkakataon ang dalawa ay nagkatagpo. Ang mga tao ay nangatakot at lumisan. Nagtungo sila sa ibang dako ng pulo.<br><br>Ang higanteng taga timog ay nagwika, "Hoy! Higanteng bubo, Akin ang lugar na ito". "Humanap ka ng sariling lupain mo"<br>Sumagot ang higanteng taga hilaga. "Hindi maari! Ako ang nauna sa lugar naito", "Kung gusto mo, ikaw ang umalis".<br>"Hindi ako makapapayag!", sagot ng higanteng timog sabay padyad. Yumanig ang buong lupa.<br>"Lalo nanam ako!" patalon na sigaw ng higanteng hilaga. Nagpalitan sila ng matitigas at magagaspang na salita. Walang ibig sumuko.<br>Dahil katatapos lamang ng ulan noon ang lupa ay malambot. Dumampot ng lupa si higanteng hilaga at binato si higanteng timog. Gumanti si higanteng timog. Gumawa ng bolang putik at ibinato rin nito. Bakbakan umaatikabo! ! Wala sa dalawa ang gustong sumuko. Patuloy ang pagbabatuhan nila hanggang isa | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | man sa kanila ay hindi makaagapay sa pagod at kapinsalaan. Kapwa natimbuwang ng wala ng buhay.<br>Ang naiwanan nila ay ang mga tumpok-tumpok ng mga bolang putik na pinagbabato nila. Ito ay naging bulubundukin na kapag tag-araw ay animo`y tumpok-tumpok ng mga tsokolate kapag pinagmamasdan mula sa himpapawid. Ngunit kung tag-ulan naman ay bulubunduking luntian na kaayaayang pagmasdan.<br>Bakit tinawag na bundok ng mga tsokolate? Kung tag-init ang mga damo ay natutuyo at ang lupa ay tigang. Unang patak ng ulan, bago tumubo ang mga damo, ang lupa ay nagiging putik na animo`y tsokolateng natutunaw. | | |
| **D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Bakit pinulong ni Haring Leon ang mga hayop?<br>Ano ang nangyayari sa kaharian ng Pamahayupan?<br>Paano nila nilutas ang kanilang suliranin?<br>Anong batas ang ipinatupad ng hari?<br>Anong kahanga – hangang katangian ang ipinakita ni Haring Leon?<br>Sadyang kailangan ba sa buhay ng bawat tao ang katangian ng hari?<br>Paano pinatunayan ng hari na tapat siya sa kanyang panunungkulan?<br>Paano nakatulong ang iba't ibang hayop?<br>Anong pangyayari sa kasalukuyan ang katulad ng inyong binasa?<br>Paano ka makatutulong sa pagsugpo nito? | GAWIN NINYO<br>Sa napakinggang teksto o sanaysay na binasa ng guro, sagutin ang mga sumusunod na katanungan:<br>a. Sino si Marcelo H. Del Pilar?<br>b. Ano ang kanyang propesyon?<br>c. Ano sa tingin moa ng nabanggit na La Solidaridad?<br>d. Sa tingin mo, bakit sya kilala sa pagsulat?<br>e. Ano ang dahilan ng kanyang pagkamatay? | Itanong:<br>1. Ano ang pamagat ng maikling alamat na inyong binasa?<br>2. Saan matatagpuan ang bundok ng mga tsokolate?<br>3. Paano/saan nagsimula ang pagkakaroon ng bundok ng mga tsokolate?<br>4. Ilarawan ang kagandahan taglay ng tsokolate hills.. | Gawin Ninyo<br>Ipabasa sa mga mag-aral ang mga pangungusap. Bigyang pansin ang mga salitang may salungguhit.<br>a. Nalihikan ako ng malamig na hangin.<br>b. Ang mga bituin sa langit ay mikukindat sa atin.<br>c. Nahiya ang buwan at tananggo sa ulap.<br>d. Masusayaw ang mga dahon sa pag-ihip ng hangin.<br>e. Nagtago ang buwan sa kodil ng ulap. | Itanong: Ano ang nabuo ninyong larawan?<br>Sino ang gumagamit nito?<br>Sabihin: Tama, hari o reyna<br>Itanong: May kilala ba kayong hari o reyna?<br>Sabihin: Ngayon ay babasa kayo ng isang kwento tungkol sa isang hari.<br>Aalamin natin kung paano magpasya ang isang hari.<br>Paano nya ipapamalas ang matalinong pagpapasya.<br>Magtakda ng mga pamantayan sa pagbasa nang malakas.<br>Magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang talata o pangungusap.<br>Maaring pahulaan sa mga bata ang susunod na mangyayari. |

<table>
<tr>
<td>E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2</td>
<td>Pumili ng isang bata na babasa sa kuwento.<br>OO NGA'T PAGONG ( Landas sa Pagbasa 6 pp.9 ) Magtatanong ang guro tungkol sa napakinggang pabula.</td>
<td>GAWIN MO<br>Sa inyong narinig na teksto. Bumuo ng mga pangungusap ayon sa iyong pagkakaintindi sa binasa ng guro at isalaysay ito sa klase.<br>-Talakayin ang mga epektibong paraan upang maisalaysay muli ang napakinggang teksto sa tulong ng mga pangungusap.</td>
<td></td>
<td></td>
<td>Gawin ang mga pagsasanay sa Pagyamanin Natin<br>Gawin Ninyo<br>Sagutin ang mga tanong:<br>1. Sino ang hari ng Israel bago si Solomon?<br>2. Sino ang nagbigay ng katalinuhan kay Solomon?<br>3. Ilang babae ang humarap sa kanya dahil sa alitan?<br>4. Ano ang pinag-awayan ng dalawang babae?<br>5. Ano ang nais na gawin ni Haring Solomon sa bata upang matapos ang alitan ng dalawang babae?<br>6. Kung ikaw si Haring Solomon paano mo maipapakita ang tamang pagpapasya?</td>
</tr>
<tr>
<td>F. Paglinang ng Kabihasaan ( tungo sa Formative Assessment )</td>
<td>Pangkatang Gawain:<br>Hatiin ang klase sa tatlong grupo. Bigyan ng tig-iisang pabula na babasahin nila at gawan ng 5 tanong na itatanong nila sa kaklase nito.
<table>
<tr><td>UNANG GRUPO</td><td>PANGALAWANG GRUPO</td><td>PANGATLONG GRUPO</td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
</table></td>
<td>Panuto: Sa inyong narinig na teksto. Bumuo ng mga pangungusap ayon sa iyong pagkakaintindi sa binasa ng guro at isalaysay ito sa klase.</td>
<td>Panuto: Bilugan ang salitang panglarawan na ginagamit sa pangungusap. Lagyan ng star sa patlang kung pang-uri at bilog naman kung hindi.<br>___________ 1. Kay linis-linis ng aming paaralan ngayon.<br>___________ 2. Mahina na ang katawan ng aking lola.<br>___________ 3. Mabagal lumakad si Aling Salud.<br>___________ 4. Magandang magtrabaho ang nakuha kong pintor.<br>___________ 5. Ang mga tao ay masunurin sa batas.<br>___________ 6. Matamang nakinig ang mga tao sa mensahe ng pangulo.<br>___________ 7. Tapat na umiibig sa bayan ang kawal.</td>
<td>Gawin Mo<br>Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na salitang di-pamlyar (Maaring kasagutan)<br>Nahilikan = hinalikan – nadadama ang malamig na hangin<br>Mikukindat = kumikindat – kumikinang o nagliliwanag ang mga bituin sa langit Tananggo= nagtago – nasa likod ng kaulapan<br>Masusayaw = sumasayaw – gumagalaw ang dahon sa pag-ihp ng hangin</td>
<td>Gawin Mo<br>Pangkatang Gawain<br>Piliin ang tamang sagot. Isulat ito sa manila paper. Iulat sa klase ang inyong sagot pagkatapos masagutan ang mga tanong.<br><br>1.Ano ang nangyari sa unang talata ng kwento?<br>a.Humalili si Solomon nang mamatay si Haring David<br>b.Hiniling ni Solomon na bigyan sya ng Diyos ng kayamanan<br>c.Ang Diyos ay nagpakita kay Solomon.<br>2.Ano ang hiniling ni Haring Solomon sa Diyos?<br>a.Bigyan sya ng mahabang buhay<br>b.Bigyan sya ng kayamanan</td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | ____________ 8. Tunay na nagmamahal ang ina sa kanyang mga anak. | | c.Bigyan sya ng isang pusong makakaunawa<br>3.Anong pagsubok ang hinarap ni Haring Solomon?<br>a.Dalawang babae ang lumapit sa kanya at humingi ng pagkain<br>b.Dalawang babae ang humarap sa kanya upang hatulan ang kanilang alitan<br>c.Dalawang babae ang humarap sa kanya upang patayin<br>4.Ano ang naging alitan ng dalawang babae?<br>a.Nag-aagawan sa isang sanggol<br>b.Nag-aagawan sa isang bahay<br>c.Nag-aagawan sa tabak<br>5.Ano ang naging hatol ni Haring Solomon upang malutas ang alitan.<br>a.Ipaampon ang bata upang walang pag-agawan ang dalawang babae.<br>b.Hatiin ang sanggol sa dalawa<br>c.Ipagbili ang bata at paghatian ng dalawang babae ang mapagbibilhan<br>6.Ano ang sumunod na nangyari?<br>a.Pumayag ang ikalawang babae na hatiin ang sanggol<br>b.Pumayag ang unang babae na ipagbili ang sanggol<br>c.Pinaubaya na lamang ng unang babae ang sanggol sa ikalawang babae hwag lang itong patayin.<br>7.Ano ang naging pasya ni Haring Solomon?<br>a.Ibigay ang bata sa unang babae dahil ito ang tunay na ina |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | b.Ibigay ang bata sa ikalawang babae na pumayag na hitiin ang bata<br>c.Ibigay ang sanggol sa babaeng nais ipagbili ang sanggol<br><br>Ano-ano ang mga pagkakasunud-sunod na pangyayari sa kwento. Basahin nang malakas. Ngayon kaya mo nang magsunud-sunod ng mga pangyayari sa kwento.Gawin ang sususnod na pagsasanay |
| **G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay** | Ano ang ginintuang aral ang nakukuha natin sa mga pabula na napakinggan natin | Makinig muli sa guro para sa isa pang tekstong babasahin.<br>Tandaan ang mga pamamaraan upang maisalaysay muli ang mapapakinggang teksto.<br>Isalaysay muli ang napakinggang teksto.<br>(Nang ipatapon si Jose Rizal ng mga Espanyol sa Dapitan, ipinangako niya sa gobernador-heneral na hindi siya tatakas. Isang araw, hinikayat siya ni Pio Valenzuela na tumakas ngunit tumanggi si Rizal at sinabing nakaoagbitiw na siya ng pangako sa isang pinunong Espanyol na kailanma'y hindi siya tatakas.) | Panuto: Basahin mabuti ang pangungusap. Punan ng angkop na pang-uri ang patlang para mabuo ang pangungusap.<br><br>1. Ang Caliraya Lake ay isa sa _____________ tanawin at pasyalan sa Laguna.<br>2. Ang Pagsanjan Falls ay dinarayo ng mga turista dahil sa taglay niyong ________.<br>3. __________ ang tubig na dumadaloy sa Balanac Dam sa Magdalena.<br>4. Kulay _______ ang langit kung pagmamasdan mo ito mula sa tuktok ng Bundok ng makiling.<br>5. Dinarayo ang lalawigan ng Laguna sa taglay nitong _______. | Paano mo makukuha ang kahulugan ng salitang pamilyar at di pamilyar?<br><br>Dapat bang bigyan ng pansin ang kayarian ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar? | Sabihin; Balikan natin ang kwento.<br>Itanong; Sa inyong palagay,totoo ba na hahatiin ng hari ang bata. Tama, nais lamang niya na alamin kung sino ang tunay na ina ng bata upang makapagpasya siya ng tama.<br>Dapat ba natin igalang ang mga lider?Bakit? Palawakin pa ang<br>usapan<br>Ipagawa ang pagsasanay sa Isa-puso Mo<br>Lagyan ng tsek ( ) ang mga bagay na nagpapakita ng paggalang sa mga lider.<br>____ 1. Nakikiisa sa mga tao sa proyektong inilunsad ng pinuno ng barangay.<br>____ 2. Nais ng mga mamamayan na mapatalsik ang kanilang pinuno dahil hindi nito sinunod ang kanilang kagustuhan.<br>____ 3. Maraming tao ang dumalo sa pagpupulong na pinatawag ng meyor. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | ____ 4. Hindi pinakinggan ni Juan ang mga tagapagsalita ng kanilang barangay sapagkat inis siya rito.<br>____ 5. Sinusunod ng mga mamamayan ang mga batas sa kanilang pamayanan. |
| **H. Paglalahat ng Aralin** | Ano ang dapat gawin kung tayo ay makinig ng isang kuwento ? Bakit? (pagsasapuso) | ISAISIP MO<br>Masasalaysay mong muli ang napakinggang teksto sa tulong ng mga pangungusap. Talasan ang pandinig at ituon ang buong atensyon sa nagsasalita. Kung maari ay sikaping maibalangkas o maibuod ang pinakikinggan | Ang pang uri ay maaring maglarawan sa katangian, hitsura o anyo, kulay, lasa, amoy,tunog, kayarian at hugis ng pangalan at panghalip.Ang uring itong pang- uri tinatawag na Pang-uringPanlarawan. | Paano natin malalaman ang kahulugan ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar? Bibigyan ba nating pansin ang kayarian nito? | Isagawa ang Isa-isip Mo<br><br>A.Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari sa kwento.Lagyan ng bilang 1 hanggang 5<br>____1. May dalawang ina na nag-aagawan sa isang sanggol. Napagpasyahan ni Solomon na hatiin ang sanggol sa dalawa.<br>____ 2. Hiniling ni Haring Solomon sa Diyos na siya ay bigyan ng katalinuhan.<br>____ 3. Hindi pumayag ang isang babae at sinabing mas nanaisin pa niyang mawalay ang kanyang anak kaysa mamatay ito<br>____ 4. Hindi nagtagal ay naharap sa pagsubok ang Hari.<br>____ 5. Nagpasya si haring Solomon na ibigay ang bata sa inang nagparaya dahil naniniwala siyang walang ina ang makatitiis na Makita ang kanyang anak na masaktan.<br><br>B.Ngayon alam mo na ang pagsusunud-sunod ng mga pangyayari sa kwento.<br>Ayusin ang mga pangyayari sa ibaba upang makabuo ng isang kwento. Lagyan ito ng bilang 1-5<br><br>____ a. Nakilala ni Mikko si Carlito |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | ____ b. Unang araw ng pasukan kaya inihatid si Mikko ng kanyang ina.<br>____ c. Naging matatalino at mababait sina Mikko at Carlito.<br>____ d. Sa panahon ngayon, kailangan ang malusog na katawan at matatag na layon.<br>____ e. Naipamalas ni Mikko ang damdaming makabayan. |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | Basahin ng guro ang pabula "ANG TIGRE AT ANG ALAMID" ,Ipasagot ang mga sumusunod na tanong sa sagutang papel.<br>Sino-sino ang naghahanap ng pagkain?<br>Sino ang umawat sa dalawang nag-alitan?<br>Ano ang ginawa nila sa kuneho?<br>Bakit nag-away sina Tigre at Alamid?<br>Paano nakatakas si kuneho? | (Pasalita)<br>Pakinggang muli ang guro. Isalaysay muli ang mapapakinggang teksto sa tulong ng mga pangungusap<br><br>(Isa sa pinakamahusay na mananalumpatiat manunulat na bayani si Graciano Lopez Jaena. Kilala siyang nagtatag ng La Solidaridad, ang pahayagang propagandista ng mga Pilipinong nasa Espanya. Dito nila isinulat ang naganap na pang-aapi sa Pilipinas ng mga namummunong Espanyol. Dahil dito, hindi na nakabalik sa Pilipinas si Graciano Lopez Jaena.) | Panuto: Sumulat ng mga pangungusap gamit ang mga pang-uri upang ilarawan ang mga magagandang tanawin sa ating bansa. | Hanapin ang salitang pamilyar o di-pamilyar sa bawat pangungusap, ibigay ang kahulugan nito.<br>1. Ang mga mata mo ay tulad ng mga binuti.<br>2. Kasingkintab ng diyateman ang iyong mga luha.<br>3. Ang iyong labi ay tila sasro sa pula<br>4. Ang kanyang kagandahan ay mistulang bituing nagningning.<br>5. Ang mga kamay mo ay kasing kinis ng late. | A. Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari . Gawin itong isang talata upang makabuo ng kwento.<br>1. Nagkaipon-ipon ang magkakalaro<br>2.Napansin ni Marie na ayaw sumali ni Carol<br>3.Walang makasagot sa bugtong ni Agnes<br>4. Umalis si Carol noong alam niyang maparurusahan siya.<br>5.Maayos na ang paglalaro ng magkakaibigan<br>6.Humingi ng paumanhin si Carol kinabukasan |
| **J. Karagdagang Gawain para sa takdang aralin at remediation** | | | | | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| **A. Bilang ng nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang Gawain para sa remediation** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyonan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |